

Pansamantalang May Bayad na Administratibong Bakasyon Dahil sa COVID-19 ng CSU

Mga katrabaho,

Ikinalulugod naming ianunsyo na pinahintulutan ng California State University ang paggamit ng pansamantalang may bayad na administratibong bakasyon nang hanggang 128 oras, epektibo sa Marso 23 hanggang Disyembre 31, 2020, para sa mga empleyado ng CSU na hindi makakapagtrabaho batay sa mga dahilang kaugnay sa COVID-19.

Sa ilalim ng mga bagong probisyon, ang lahat ng empleyado ng SJSU na kwalipikado para sa mga benepisyo, mga estudyanteng empleyado sa akademya, at mga hindi kinakatawan na mga estudyanteng katulong (mula dito ay “empleyado”) ay kwalipikado para sa isang beses na pamamahagi na ito na maaari lamang gamitin para sa mga pagliban na kaugnay sa COVID-19, na napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon:

- Ang lahat ng oras ay dapat na magamit sa pagsasara ng trabaho sa Disyembre 31, 2020, kung saan sa oras na iyon ay mapapaso ang mga natitirang nailaang oras;
- Maaaring gamitin ang mga oras sa anumang pagkakataon sa loob ng itinalagang panahong ito, kabilang nang pahinto-hinto, ang alinman sa bago o pagkatapos ng paggamit ng anumang naipong bakasyon o iba pang may bayad na bakasyon, sa kahilingan ng empleyado, nang kinokonsulta ang superbisor at sa kondisyong ang naturang paggamit ay hindi malubhang makakaapekto sa paghahatid ng mahahalagang serbisyo ng Unibersidad; at
- Dapat gawing prorated ang bilang ng mga oras ng may bayad na administratibong bakasyon para sa mga empleyadong nagtatrabaho nang mas maikli sa full-time ayon sa porsyento ng pagtatalaga.

Ang may bayad na administratibong bakasyong ito ay para lamang sa mga empleyado ng SJSU na hindi makakapagtrabaho, sa kampus o sa nang malayuan, para sa mga sumusunod na layunin:

- Kapag hindi makakapagtrabaho ang empleyado dahil sa sariling sakit ng empleyado na nauugnay sa COVID-19 o ng kapamilya na normal na mapagagamitan ng empleyado ng bakasyon para sa may sakit;
- Kapag hindi makakapagtrabaho ang empleyado dahil sinabihan ang empleyado ng kanyang superbisor o ng provider ng pangangalagang pangkalusugan na huwag pumunta sa lugar ng trabaho para sa mga dahilang nauugnay sa COVID-19 at/o hindi magagawang kumilos ng empleyado para makapagtrabaho nang malayuan; o
- Kapag hindi makakapagtrabaho ang isang empleyado dahil sa pagsasara ng paaralan o daycare na kaugnay sa COVID-19, at kinakailangan ng empleyado na

manatili sa bahay kasama ng anak o dependent, at hindi magagawang kumilos ng empleyado para makapagtrabaho nang malayuan o kaugnay sa pananagutang mag-alaga ng bata.

Paano Humiling ng May Bayad na Administratibong Bakasyon:

- **Sa lahat ng empleyado ng SJSU na kwalipikado sa mga benepisyo, mga estudyanteng empleyado sa akademya, at mga hindi kinakatawan na estudyanteng katulong, makipag-ugnayan kay:**

Josh Etherington: x4-2155 o sa josh.etherington@sjsu.edu

Julie Paisant: x4-2255 o sa julie.paisant@sjsu.edu

Stacey Elsibai: x4-2142 o sa stacey.elsibai@sjsu.edu

- **Mga pantulong na empleyado:** Pakitandaang hindi nalalapat ang May Bayad na Administratibong Bakasyong ito sa mga pantulong na empleyado. Ang mga empleyado ng mga pantulong na yunit ay inaatasang komunsulta sa mga liaison ng departamento ng human resources sa kanilang mga yunit kaugnay sa bakasyon.

Wala sa mga probisyong ito ang dapat na ituring sa anumang paraan na magbabawas sa mga karapatan o benepisyo na nararapat sa aming mga empleyado sa ilalim ng anumang batas ng pederal, estado o lokal, kasunduan sa sama-samang pakikipagkasundo, o anupamang umiiral na patakaran ng CSU.

Bilang paalala, ang pansamantalang may bayad na administratibong bakasyon, na hiwalay sa bakasyong tinalakay sa itaas, ay nakahanda ring magamit ayon sa sumusunod:

- Epektibo sa Marso 16, 2020, para sa mga empleyadong 65 taong gulang at mas matanda o may problemang medikal (ibig sabihin, mataas ang panganib sa seryosong sakit dahil sa mga hindi gumagaling na kondisyong pangkalusugan) at hindi magagawang mag-telecommute, na napapailalim sa beripikasyon ng Tauhan ng Unibersidad.
- Ang mga estudyanteng katulong (pareho sa nagtatrabaho para sa pag-aaral at hindi nagtatrabaho para sa pag-aaral) na hindi maaaring italaga sa ibang trabaho at hindi maaaring mag-telecommute dahil sa kawalan ng naaangkop na teknolohiya at/o sa katangian ng kanilang trabaho ay dapat bayaran para sa regular nilang nakaiskedyul na oras sa regular nilang rate ng bayad hanggang Abril 5, 2020. Ang paglalaan ng hanggang 128 oras ng pansamantalang may bayad na mga oras ng administratibong bakasyon ay magagamit simula sa Abril 6, 2020, na napapailalim sa mga kondisyong natukoy sa itaas.

Bukod dito, ang oras ng pagkakasakit at bakasyon ng empleyado, gayundin ang mga personal na bakasyon, ay maaari ding gamitin sa panahong ito.

HR 6201 - Batas na Unahin ang Pamilya Bilang Pagtugon sa Coronavirus (Families First Coronavirus Response Act, FFCRA)

Noong Marso 18, 2020, nilagdaan ng Presidente ng Estados Unidos na maging batas ang Families First Coronavirus Response Act (HR 6201). Ang FFCRA, na naglalaman ng ilang probisyon na nakatuon sa pagtulong sa parehong mga employer at empleyado sa panahong ito, ay nakatakdang maging batas sa Abril 2, 2020. Sa sandaling ilathala ng Departamento ng Trabaho ng U.S. ang mga panuntunan nito para sa pangangasiwa sa FFCRA, aabisuhan ang mga empleyado kaugnay sa anumang update sa patakarang ito at/o sa magagamit na bakasyon para sa mga empleyado.

Pangunahing priyoridad ng CSU at ng pamunuan ng ating kampus ang kalusugan at kapakanan ng ating mga empleyado. Pinapahalagahan namin ang sama-sama ninyong pagsisikap na malagpasan itong hindi inaasahang sitwasyon at ang hindi karaniwang malasakit at habag na sama-sama nating ipinapakita para sa isa't isa.

Suporta para sa mga Pamilya na Mababa ang Kita

Sa suporta mula sa County ng Santa Clara, nagsisikap ang Destination: Home na makapagbigay ng direktang pinansyal na tulong sa mga nahaharap sa dokumentadong pagkawala ng kita dahil sa COVID-19.

Ang mga kwalipikadong sambahayan ay makakatanggap ng hanggang maximum na \$4,000 ng nawalang kita bawat buwan.

Maaaring humiling ng tulong isang beses bawat buwan sa saklaw na panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan, hangga't patuloy na nakakaranas ang sambahayan ng epekto sa kita at may magagamit na mga pondo.

Makakakuha ng higit pang impormasyon ang mga residente sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 780-9134 o [mag-apply online](#).

Taos-puso,

Joanne Wright

Senior Associate Vice President, University Personnel